# Walang Diyos-diyosan

## NOTES

## WARM-UP

- Mayroon ka bang paboritong "performer" nung ikaw ay bata pa? Bakit mo siya hinangaan?
- Kung may isa kang pipiliin, ano ang mas gugustuhin mo, ang maging mayaman o ang maging sikat? Bakit ito ang pipiliin mo?
- Sino ang iyong huwaran? Bakit mo siya gustong tularan?

**WORD**

*[4] "Huwag kayong gagawa ng mga diyos-diyosan na anyo ng anumang bagay sa langit, o sa lupa, o sa tubig. [5] Huwag ninyo itong paglilingkuran o sasambahin, dahil ako, ang Panginoon na inyong Diyos, ay ayaw na may iba kayong sinasamba. Pinaparusahan ko ang mga nagkakasala sa akin, pati na ang mga anak hanggang sa ikatlo at ikaapat na henerasyon ng mga napopoot sa akin. [6] Pero ipinapakita ko ang aking pagmamahal sa napakaraming henerasyon na nagmamahal sa akin at sumusunod sa mga utos ko."* **EXODUS 20:4-6**

---

Tayo ay inuutusan ng Diyos na huwag sumamba sa mga diyos-diyosan. Ang mga ito ay hindi lamang mga inukit na imahe na gawa sa bato o kahoy. Sa panahong ito, may iba't-ibang uri ng diyos-diyosan na nagagawang sambahin ng mga tao. Narito ang tatlong aral mula sa ikalawang utos ng Diyos at kung paano ito makikita sa ating mga buhay.

## 1 Ang diyos-diyosan ay mga maling kumakatawan sa Diyos.

*"Huwag kayong gagawa ng mga diyos-diyosan na anyo ng anumang bagay sa langit, o sa lupa, o sa tubig."* **DEUTERONOMIO 5:8**

Ayaw ng Diyos na magkaroon tayo ng mga inukit na imahe, larawan o mga nililok na diyos-diyosan upang matulungan tayo na sambahin Siya. Kung tunay natin Siyang kilala, alam natin na Siya as Espiritu (Juan 4:24), at hindi natin dapat ibaba ang kanyang pagka-maharlika at kaluwalhatian sa isang diyos-diyosan. Ano ang ibig sabihan ng sumamba sa Diyos sa espiritu at katotohanan?

........................................

........................................

## 2 Tanging ang Diyos lamang ang karapat-dapat tumanggap ng ating pagsamba.

*[14]Huwag kayong susunod sa ibang mga diyos, ang mga diyos ng mga mamamayan sa inyong paligid; [15]dahil ang Panginoon na inyong Diyos na kasama ninyo ay ayaw na may sinasamba kayong iba. Kung sasamba kayo sa ibang Diyos, ipadarama ng Panginoon ang kanyang galit sa inyo at lilipulin niya kayo sa mundo."*
**DEUTERONOMIO 6:14,15**

Ang isang diyos-diyosan ay anumang bagay na pinanghahalili natin sa Diyos sa ating mga buhay. Ito ay maaaring ang ating trabaho, mga relasyon, kayamanan, libangan, pangarap, at maging ang ating paglilingkod sa Kanya. Ang mga ito ay mabubuting bagay at nakapagbibigay sa atin ng kasiyahan; subalit, hindi nila dapat palitan ang lugar na para sa Diyos. Siya lamang ang may kakayahan na punuin ang ating mga pangangailangan at bigyan tayo ng walang hanggang kasiyahan at kapayapaan. Bakit nararapat ibigay sa Diyos ang ating ganap na debosyon?

..........

..........

## 3 Ang pagmamahal at pagpapala ng Diyos ay nasa mga sumasamba sa Kanya.

*Sambahin ninyo ako, ang Panginoon na inyong Diyos, at bibigyan ko kayo ng masaganang pagkain at tubig. Pagagalingin ko ang inyong mga karamdaman.* **EXODUS 23:25**

Sa ating pagtalikod sa mga diyos-diyosan, ipinapangako ng Diyos na tayo ay Kanyang pagpapalain at ibibigay Niya sa atin ang Kanyang pag-ibig at biyaya. Sa Kanya lamang natin makikita ang tunay na kasiguraduhan at kahalagahan—at nais Niyang ipakita ito sa atin, habang ibinibigay natin ang ating pananampalataya at pagtitiwala sa Kanya, sa araw-araw ng ating buhay. Sa paanong mga pamamaraan mo sinasamba ang Diyos nang higit pa sa mga bagay sa iyong buhay?

..........

..........

## APPLICATION

- Mayroon ka bang mga paniniwala at mga kinaugaliang gawin na hindi naaayon sa Salita ng Diyos? Paano mo maisasapamuhay ang natutunan mo ngayon? Handa ka bang ipasakop ang iyong buhay sa Pagkapanginoon ni Jesu-Cristo?
- Mayroon bang humahalili sa lugar ng Diyos sa iyong buhay? Paano mo magagawang unahin ang Diyos sa iyong buhay, simula sa linggong ito?
- Kung tunay tayong naglilingkod kay Cristo, tayo ay mga handog na buhay sa harapan Niya. Ano ang kahulugan nito sa iyong buhay? Paano mo maisasapamuhay ang katotohanan na ito ngayong linggo?

## PRAYER

- Ihayag ang iyong katapatan at debosyon sa Diyos. Ipanalangin na lagi Siyang maghahari sa iyong buhay nang higit pa sa anumang bagay.
- Hingin sa Banal na Espiritu ang kakayahan na sumunod at mamuhay para sa Diyos araw-araw (Ezekiel 36:27).
- Ipanalangin na ang iyong buhay ay magpapakita ng pagmamahal ng Diyos at na marami ang magmamahal at maglilingkod sa Kanya dahil sa iyong halimbawa.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph